



Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**



Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 1

# Edukasyon sa Pagpapakatao

## Ika-apat na Markahan – Modyul 4:
## "Paniniwala Mo, Igagalang Ko"



Pangalan:_______________________________________

Baitang at Seksyon:______________________________

Paaralan:_______________________________________



# Alamin

Ang pagiging magalang ay tunay na karangalan na dapat nating pahalagahan.

Inihanda ang mga gawain sa modyul na ito upang gabayan kayong matamo ang layunin:

Nakapagpapakita ng paggalang sa paniniwala ng kapwa.

**Kasanayang Pampagkatuto**


Natutukoy ang mga pamamaraan sa paggalang ng paniniwala sa kapwa. (EsP1PD-IVd-e-2)




# Subukin

Gawain 1: Halika't Subukan!

**Panuto:** Iguhit ang masayang mukha ) sa li☺a ng larawan na tumutukoy sa mga pamamaraan ng paggalang ng paniniwala sa kapwa at malungkot na mukha kung hindi ☹

______1. 

_____2. 

_____3. 

______4. 

______5. 


| Modyul 4 | Paniniwala Mo, Igagalang Ko |
|---|---|



## Balikan

Gawain 2: Isip-Isip!

Muli nating pag-usapan ang nakaraang aralin tungkol sa pagsunod sa utos ng mga nakatatanda. Basahin ang comic strip at kumpletuhin.




Alin sa sumusunod ang maaaring isasagot ni Mino sa kanyang lolo? Isulat sa kahon ang iyong sagot.

A. Mamaya na naglalaro pa ako.
B. Opo lolo, kukunin ko.
C. Ayaw ko.



## Tuklasin

Gawain 3: Tingnan mo ako!



*By Jebulon - Own work, CC0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=30816994*



*By Hardscarf - Own work, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=11346214*



By KisekiLacroix - Own work, CC BY-SA 3.0, https://commons.wikimedia.org/w/index.php?curid=33154395

**Panuto:** Sagutin ang mga tanong batay sa mga larawang nasa itaas at isulat sa sagutang papel.

1. Nasubukan mo na bang makapunta sa lugar na nasa larawan?
2. Sino ang kasama mo?
3. Ano kaya ang kadalasang ginagawa sa lugar na ito?



# Suriin

## Tandaan

Matutukoy natin ang mga pamamaraan sa paggalang ng paniniwala sa kapwa sa pamamamagitan ng pakikipagkaibigan sa isang tao na iba ang relihiyon, paggalang sa kanilang simbahan, may malawak na pag-unawa sa kanilang mga relihiyon, paggalang sa kanilang samahan o pagsamba.

Ang mga Pilipino ay may magkakaibang paniniwala tungkol sa Panginoon. Bilang isang batang Pilipino, mahalaga na maipapakita natin ang paggalang sa paniniwala ng iba.



# Pagyamanin

Gawain 4: Turuan mo ako, alin dito!

**Panuto:** Iguhit ang puso ♡ sa patlang kung ang sitwasyon ay tumutukoy sa mga pamamaraan sa paggalang ng paniniwala sa kapwa at bituin ☆ kung hindi.

_____1. Magalang na tinanong ni Aya si Ana tungkol sa kanyang paniniwala sa relihiyon.

_____2. Pinagtawanan ni Marta ang kanyang kaibigan tuwing ito ay nagsisimba.

_____3. Iniiwasan si Lino sa kanilang lugar sa tuwing siya ay pupunta sa simbahan dahil sa iba

ang kanyang suot.

_____4. Hindi pinilit ni Lito si Bino na sumama sa kanya sa pagsamba sapagkat magkakaiba ang kanilang relihiyon at ito'y kanyang natutunan din sa Kab Skawt sa paggalang ng paniniwala ng iba.

_____5. Tinanggap ni Roda na iba ang pamamaraan sa pagsamba nina Maya.




## Isaisip

Gawain 5: Punan mo ako!

**Panuto:** Kumpletuhin ang graphic organizer sa ibaba. Piliin mula sa kahon ang tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

| |
|---|
| A. Huwag mag-ingay kapag may nagdarasal.<br>B. Pagtatawanan ang pamamaraan ng pagsamba ng ibang relihiyon.<br>C. Makikipagkaibigan sa batang iba ang paniniwala.<br>D. Makikipaglaro sa mga batang iba ang relihiyon.<br>E. Igagalang ang mga simbolong panrelihiyon ng iba.<br>F. Huwag sulatan ang dingding ng simbahan ng ibang relihiyon. |





# Isagawa

Gawain 6: Pangako ng Paggalang sa Paniniwala ng Iba.

Ako si ____________________nangangakong

igagalang ang mga pamamaraan ng paniniwala

ng iba sa lahat ng pagkakataon sa

pamamagitan ng ______________________.

______________________________
Lagda ng batang nangangako



# Tayahin

Gawain 7: Piliin mo!

**Panuto:** Isulat sa patlang ang titik ng tamang sagot.

___1. Nakita mo na pinagtawanan ng mga bata ang isang batang babae na nakasuot ng hijab o belo sa ulo. Napag-alaman mo na siya pala ay isang Muslim.

Ano ang gagawin mo?

A. Hayaan na lang sila dahil baka awayin ka.
B. Pagsabihan ang mga ito na huwag itong maliitin.
C. Pagmasdan lang ang batang babae.

____2. Inaanyayahan ka ng iyong kaibigan na dadalo sa isang pahayag ng kanilang simbahan.

Ano ang magiging desisyon mo?

A. Sasama ako at makikinig sa pahayag.

B. Hindi ako sasama dahil marami akong ginagawa at maglalaro pa ako.

C. Maghanap ako ng dahilan para hindi makasama dahil ang totoo wala akong gana.

_____3.

| |
|---|
| Nakasakay ka sa isang bus na may isang babae na nagsasalita tungkol sa pagpapalaganap ng salita ng Diyos. Nagtaka ka kung anong relihiyon meron siya. |

Ano ang gagawin mo?

A. Hindi ko siya papansinin dahil hindi ko siya kilala.

B. Itatanong ko sa kanya kung anong relihiyon siya kahit nagsasalita pa siya.

C. Hayaan na lamang siya at makikinig na lang ako sa kanya.

___ 4.

| |
|---|
| Gusto mong magvideo-k ngunit nagsisimula na ang misa sa simbahang malapit sa inyo. |

Ano ang iyong gagawin?

A. Hindi ko muna itutuloy ang gusto kung gawin.

B. Lalakasan ko ang pagkanta upang marinig ng mga tao sa simbahan.

C. Hayaan ko sila sa kanilang ginagawa basta gagawin ko rin ang gusto ko.

_____5.

| |
|---|
| May sumaling bagong miyembro sa Kab Scout na isang PDMC. Siya ay nakasuot ng isang malaking kwintas. Nakita mong walang nakikipag-usap sa kaniya. |

A. Lalapitan siya at kakausapin.

B. Hindi rin makikipag-usap sa kanya.

C. Aawayin ko siya.



## Karagdagang Gawain

Gawain 8: Suriin mo ako, kung tama ako!

**Panuto:** Iguhit sa linya ang tsek (/) kung tama ang pahayag at ekis (X) kung mali.

___1. Tawanan ang paraan ng pagdarasal ng mga Katoliko.

___2. Mangungutya kung hindi mo nagugustuhan ang kanilang paraan sa pagsamba.

___3. Pagbigay respeto sa pangulo ng kanilang simbahan.

___4.Bigyang halaga ang kanilang sagradong bagay.

___5. Pakikipag-away at pakikipagkumpetensya sa ibang relihiyon.



## Sanggunian


Edukasyon sa Pagpapakatao 1
Patnubay ng Guro p. 180
Edukasyon sa Pagpapakatao 1
Kagamitan ng Mag-aaral p. 65-67
Sinugbuanong Binisaya p. 260
https://coloringhome.com/coloring/ATb/xM4/ATbxM4pT4.ghttps://encrypted-tbn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcQEk4yWhGR7JfdL9G_miuWTDO7IbQpypQTUOw&usqp=CAU
https://cdn.dribbble.com/users/4531890/screenshots/14580995/mosque-01_4x.pngif
https://image.shutterstock.com/image-photo/donsol-philippines-may-31-2015-260nw-338104139.jpg
https://encrypted-bn0.gstatic.com/images?q=tbn:ANd9GcTWZzZRr7pbxlUY07YiU1kNMQWf8FdNbkohDw&usqp=CAU



**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| Manunulat: | Julie Ann Q. Galo<br>Tiayon Elementary School<br>Zamboanga Sibugay Schools Division |
| Editor: | Daylinda P. Ragadio / Falconeri R. Enoy |
| Tagasuri: | Jerlyn Faith B. Gitalan<br>Mona Lisa M. Babiera, EPS-EsP |
| Tagapamahala: | Evelyn F. Importante, OIC-CID Chief EPS<br>Aurelio A. Santisas, OIC ASDS<br>Jerry C. Bokingkito , OIC ASDS<br>Jeanelyn A. Aleman, CESO VI, OIC SDS |